Annex 1 - MBA Form No. 01 revised 10-25-2023

CARD MBA Panatag Ka.

# CARD Mutual Benefit Association, Inc.

A member of CARD MRI

MICRO INSURANCE

## APLIKASYON SA PAGIGING KASAPI (APK)

1. **INSTITUSYONG KINABIBILANGAN** ☐ CARD INC. ☐ CARD BANK ☐ CARD SME BANK ☐ CMRBI ☐ CARD MRI STAFF ☐ BOAT PARTNER ________________

2. **AREA** ____________
3. **UNIT** ____________
4. **CENTER** __________

5. **PETSA NANG UNANG MAGHULOG NG KONTRIBUSYON:**

| PARTIKULAR | IMPORMASYON NG APLIKANTE | | IMPORMASYON NG LEGAL NA ASAWA | |
|---|---|---|---|---|
| 6. PANGALAN | | | | |
| 7. GITNANG PANGALAN | | | | |
| 8. APELYIDO | | | | |
| 9. KASARIAN | ☐ BABAE ☐ LALAKI | | | |
| 10. KALAGAYANG SIBIL | ☐ WALANG ASAWA ☐ MAY ASAWA ☐ BALO ☐ HIWALAY | | 11. PETSA NG KASAL | |
| 12. PETSA NG KAPANGANAKAN | | 13. EDAD: | | 14. EDAD: |
| 15. LUGAR NG KAPANGANAKAN | | | | |
| 16. KASALUKUYANG TIRAHAN | | | | |
| 17. PERMANENTENG TIRAHAN | ☐ Lagyan ng tsek kung pareho ng kasalukuyang tirahan. | Isulat ang permanenteng tirahan kung hindi pareho ng kasalukuyang tirahan: | | |
| 18. TRABAHO/ PINAGKAKAKITAAN | | | | |
| 19. NASYONALIDAD | | | | |
| 20. RELIHIYON | | | | |
| 21. *CONTACT NUMBER* | | | | |
| 22. E-MAIL ADDRESS (if any) | | | | |
| 23. URI NG PAGKAKAKILANLAN | | 24. TIN / SSS / GSIS NO. | | |

| 25. PANGALAN NG MGA LEHITIMONG KAANAK *(kung may anak, isulat ang tunay na anak/legal na ampon; o kung walang asawa at anak, isulat ang tunay na mga magulang)* | 26. KASARIAN *(I-check ang kasarian)* | 27. MAY KAPANSANAN SIMULA NG ISILANG (DISABLED) | 28. PETSA NG KAPANGANAKAN | 29. KAUGNAYAN SA KASAPI | 30. KASAPI? |
|---|---|---|---|---|---|
| | ☐ BABAE ☐ LALAKI | ☐ MERON ☐ WALA | | | ☐ OO ☐ HINDI |
| | ☐ BABAE ☐ LALAKI | ☐ MERON ☐ WALA | | | ☐ OO ☐ HINDI |
| | ☐ BABAE ☐ LALAKI | ☐ MERON ☐ WALA | | | ☐ OO ☐ HINDI |
| | ☐ BABAE ☐ LALAKI | ☐ MERON ☐ WALA | | | ☐ OO ☐ HINDI |

- Kung may asawa, ilakip ang Sertipiko ng Kapanganakan at Kontrata ng Kasal ng aplikante at Sertipiko ng Kapanganakan ng mga tunay na anak at *legal adoption paper* kung may ampon. (Maaaring tanggapin ang katunayan ng kasal ayon sa relihiyon o kaugalian ng tribo o katutubo)
- Kung walang asawa, ilakip ang Sertipiko ng Kapanganakan ng aplikante *at* Sertipiko ng Kapanganakan ng mga magulang.
- Kung dalagang ina/ama, ilakip ang Sertipiko ng Kapanganakan ng aplikante at Sertipiko ng Kapanganakan ng tunay na anak at *legal adoption pape* kung ampon.

31. Kalakip na ba nito ang iyong Sertipiko ng Kapanganakan? ☐ OO ☐ HINDI

32. Kalakip na ba nito ang iyong Kontrata ng Kasal? ☐ OO ☐ HINDI

**M A H A L A G A N G P A A L A L A**

***Kung walang isinumiteng dokumento (Sertipiko ng Kapanganakan, Kontrata ng Kasal o Legal Adoption Paper), ikaw ay binibigyan ng tatlumpung (30) araw na palugit upang maibigay ang mga kinakailangang dokumento. Ang hindi pagsusumite ng nasabing dokumento ay maaaring maging sanhi upang maantala ang pagbibigay ng benepisyo para sa kasapi at lehitimong kaanak.***

| 33. ITINALAGANG BENEPISYARYO | | 34. KASARIAN *(I-check ang kasarian)* | 35. CONTACT NUMBER | 36. PETSA NG KAPANGANAKAN | 37. KAUGNAYAN SA APLIKANTE |
|---|---|---|---|---|---|
| PANGUNAHING BENEPISYARYO | | ☐ BABAE ☐ LALAKI | | | |
| IKALAWANG BENEPISYARYO | | ☐ BABAE ☐ LALAKI | | | |

****MAARING GUMAMIT NG KARAGDAGANG PAPEL KUNG KULANG SA ESPASYO PARA SA PAGTATALAGA NG MGA LEHITIMONG KAANAK AT BENEPISYARYO****

**SAGUTAN ANG MGA SUMUSUNOD KUNG IKAW AY BALIK-KASAPI O BALIK-CARD**

38. Petsa nang ikaw ay maging kasapi ng CARD MBA:

39. Petsa nang ikaw ay tumiwalag:

40. Nag-*refund* ka ba ng kontribusyon sa *Life Insurance* (Members Equity Value)? ☐ OO ☐ HINDI

41. Nag-*refund* ka ba ng kontribusyon sa *Retirement Fund*? ☐ OO ☐ HINDI

### PAGPAPATUNAY

*Aking pinatutunayan na ang lahat ng impormasyong nakasaad sa aplikasyong ito ay tama at pawang katotohanan lamang. Lubos kong nauunawaan na anumang oras na mapatunayang hindi totoo ang impormasyon na nakasaad dito gaya ng aking* ***TUNAY NA EDAD*** *upang maging kasapi lamang ako ng CARD MBA ay magiging dahilan ito upang makansela ang aking pagiging kasapi sa CARD MBA. At sumasang-ayon ako na walang pananagutan ang CARD MBA sa anumang benepisyong nakalaan sa akin, maliban sa pagbabalik ng aking naging kontribusyon, kung mapapatunayan sa panahon ng pagsisiyasat na mayroong hindi totoo sa mga impormasyon na nakasaad dito.*

*Akin ring pinatutunayan na ako at ang aking lehitimong kaanak ay may malusog at malakas na pangangatawan at kaisipan sa panahon ng aking aplikasyon. Ito ay nangangahulugan na ako at ang aking mga lehitimong kaanak ay nakakagawa ng pang-araw-araw na gawain: nakakakain, nakakaligo, nakakapagbihis, nakakapagbanyo at nakakalakad.*

*Lubos ko ring nauunawaan na bilang* ***BAGONG KASAPI****, ako at ang aking mga lehitimong kaanak ay sakop ng* ***one (1) year waiting period****. Gayundin, nauunawaan ko na kung ang aking pagiging kasapi ay nakansela dahil sa aking pagtiwalag o hindi pagbabayad ng aking kaukulang kontribusyon matapos ang apatnapu't limang (45) araw na palugit (grace period) at ako ay nagdesisyon na mag-***BALIK-KASAPI***, nasasakop ako at ang aking mga lehitimong kaanak ng* ***one (1) year waiting period****.*

### PAGBIBIGAY PAHINTULOT SA SAMAHAN

*Sa aking pagtiwalag o kung ako ay itiniwalag bilang kasapi ng Samahan, aking pinahihintulutan na ilagay o ideposito sa aking Savings Account/Capital Build-Up (CBU) ang aking Refund of Contribution (Member's Equity Value) mula sa Basic Life Insurance Program at Retirement Fund. Gayundin, sakaling ako ay may natitirang utang na hindi masasakop ng Credit Life Insurance Program (Loan Redemption Fund Plus) sa oras na bawian ako ng buhay o sa aking pagka-baldado, aking pinahihintulutan ang CARD MBA na ibigay ang lahat ng aking benepisyo mula sa Life Insurance sa institusyong aking pinagkakautangan at ang matitirang benepisyo ay ibibigay sa aking nakatalagang benepisyaryo.*

*Ako ay nagbibigay ng pahintulot at sumasang-ayon na ang CARD Mutual Benefit Association Inc. ay: (a) maaaring magkolekta, gumamit at maglahad ng aking personal na impormasyon na nakatala sa aking aplikasyon, o nakuha bilang resulta ng aking pagiging kasapi kabilang ang mga impormasyon na aking ipinarehistro sa pamamagitan ng pag-sulat o pag-text; at (b) maglahad o magbahagi ng nasabing impormasyon sa mga sangay o kaanib na institusyon ng CARD Mutual Benefit Association Inc. at lubos ko ding nauunawaan na ako ay may karapatan na baguhin o rebisahin ang anumang impormasyon na aking ibinigay o inilahad kabilang na ang pagbawi o pagtanggal ng nasabing impormasyon ayon sa isinasaad ng Data Privacy Act ng 2012 at ng CARD Mutual Benefit Association Inc. Data Protection Policy.*

42. ______________________________
LAGDA NG APLIKANTE

43. ______________________________
PETSA NANG LAGDAAN

| 44. *SINANG-AYUNAN NI:* | 45. *SINURI ANG NAKATALANG IMPORMASYON NI:* | 46. *PINAGTIBAY NI:* |
|---|---|---|
| CENTER CHIEF/SECRETARY/PARTNER MFI STAFF | NAME OF INSURANCE PROCESSOR/ANY MBA STAFF | PROVINCIAL MANAGER |

## PARAAN KUNG PAANO I-FILL OUT ANG APLIKASYON SA PAGIGING KASAPI (APK) FORM

1. Para sa **Institusyong Kinabibilangan**, lagyan ng tsek ☑ ang napiling institusyon kung saan kasaping MFI ng CARD o Partner Institutions.
2. Ilagay ang tamang Petsa ng Unang Maghulog ng Kontribusyon sa ganitong format: Month/Day/Year. Halimbawa: **02/16/2016**
   TANDAAN: Ang petsa na dapat ilalagay dito ay ang petsa kung kailan nagbayad ng kontribusyon ang kasapi at **HINDI** kung kailan sumali sa MFI.
3. Ilagay ang pangalan ng Area o Branch, Unit o Micro Banking Offices (MBO) at Center kung saan kabilang o sumali ang kasapi.

| **HALIMBAWA** | | |
|---|---|---|
| **Para sa kasapi ng CARD Inc.:** | | |
| **AREA** | **UNIT** | **CENTER** |
| NCR 1 | MUNTINLUPA 1 | ALABANG C1 |
| **Para sa kasapi ng Banking Institution (e.g. CARD Bank, SME at RBI):** | | |
| **BRANCH** | **MBO** | **CENTER** |
| MAKATI | MAKATI 1 | AYALA C2 |
| **Para sa kasapi ng Partner Institutions (e.g. USWAG, LAMPCO):** | | |
| **PARTNERS NAME** | **BRANCH** | **CENTER** |
| USWAG | MALAY | BORACAY C3 |

4. Isulat ang kumpletong Pangalan, Gitnang Pangalan at Apelyido ng kasapi at ang kanyang Legal na Asawa (kung mayroon man).

| **HALIMBAWA** | **KASAPI** | **LEGAL NA ASAWA** |
|---|---|---|
| PANGALAN | JUANA | JUAN |
| GITNANG PANGALAN | SANTOS | MADRIGAL |
| APELYDO | DELA CRUZ | DELA CRUZ |

5. Piliin ang tamang kasarian kung Lalaki o Babae sa pamamagitan ng pag-check sa box ☑ na karatig ng tamang kasarian.
6. Para sa Kalagayang Sibil, pumili kung Walang Asawa, May Asawa, Balo o Hiwalay. **Kung May Asawa** ilagay ang Petsa kung kailan ikinasal.
7. Ilagay ang Petsa ng Kapanganakan ng kasapi at ang kanyang legal na asawa sa ganitong format: Month/Day/Year pati ang kasalukuyan Edad. Halimbawa: **02/16/1988.**
   PAALALA*: Ang lahat na mga bagong kasapi ay KINAKAINGALAN na magbigay ng kopya ng kanilang Sertipiko ng Kapanganakan o anumang dokumento na magpapatunay ng kanyang tunay na petsa ng kapanganakan.*
8. Para sa Lugar ng Kapanganakan, Kasalukuyan at Permanenteng Lugar ng Tirahan, ilagay ang kumpletong detalye.

| **HALIMBAWA** | |
|---|---|
| LUGAR NG KAPANGANAKAN | NAGCARLAN, LAGUNA |
| LUGAR NG TIRAHAN | #5668 National Road Barangay Palayan, Nagcarlan, Laguna |

9. Ilagay ang Trabaho/Pinagkakakitaan o iba pang uri ng pinagkakakitaan ng kasapi

| **HALIMBAWA** | |
|---|---|
| TRABAHO/PINAGKAKAKITAAN | TINDERA SA PALENGKE |

10. Ilagay ang Nasyonalidad.
11. Para sa Relihiyon, ilagay ang inyong Relihiyon o Sekta na kinabibilangan gaya ng Roman Catholic, Islam, Saksi ni Jehovah at iba pa.
12. Siguraduhin na mailalagay ang tamang contact number gaya ng telepono o cellphone number.
13. Ilagay ang kumpletong electronic mail (e-mail) address (kung mayroon).
14. Ilagay ang kumpletong pangalan ng mga Lehitimong Kaanak, Petsa ng Kapanganakan at Kaugnayan nito sa Kasapi at huwag kalilimutan maglakip ng kopya ng Sertipiko ng Kapanganakan at Kontrata ng Kasal.
    TANDAAN: Ang mga sumusunod ay maituturing na lehitimong kaanak ng kasapi na dapat nakalagay sa APK:
    **1**. Kung ang kasapi ay may asawa, ang kanyang lehitimong kaanak ay ang mga sumusunod:
    - 1.1 Asawa na kasal sa kanya;
    - 1.2 Mga tunay na anak o legal na ampon (ampon na may legal adoption paper) ng kasapi, walang asawa at may edad na labingapat (14) na araw (2 weeks old) subalit hindi naman hihigit sa dalawanpu't isang (21) taong gulang.
    - 1.3 Mga tunay na anak o legal na ampon ng kasapi na mahigit nang dalawanpu't isang (21) taong gulang, walang asawa, subalit may kapansanan buhat ng isinilang (congenital disability) at walang kakayahang maghanapbuhay.

    **2.** Kung ang kasapi ay walang asawa at wala ring anak, ang kanyang lehitimong kaanak ay ang kanyang tunay na magulang na may edad 60 taong gulang at pataas.
    **3.** Subalit kung ang kasapi ay dalagang ina o binatang ama, ang kanyang lehitimong kaanak ay ang mga nakasaad sa 1.2. at 1.3. at hindi ang kanyang mga magulang.
    **4.** Maaaring gumamit ng karagdagang papel kung kinakailangan para sa deklarasyon ng lehitimong kaanak.
15. Ang mga sumusunod ay ang dalawang uri ng benepisyaryo na maaaring italaga ng isang kasapi:
    **1.** **Pangunahing Benepisyaryo** – siya ang unang may karaparatang tumanggap ng nakalaang benepisyo para sa kasaping namatay.
    **2.** **Pangalawang Benepisyaryo** – nakatalagang tatanggap ng nakalaang benepisyo para sa kasaping namatay kung sakaling unang bawian ng buhay ang pangunahing benepisyaryo bago ang kasapi.
    PAALALA: Hinihikayat na ang benepisyaryo ay mula sa hanay ng lehitimong kaanak. Kung wala nang lehitimong kaanak, ang maaari lamang ilagay ay ang legal na tagapagmana ayon sa batas.
16. Siguraduhin binasa ang PAGPAPATUNAY at PAGBIBIGAY PAHINTULOT SA SAMAHAN bago lagdaan ng kasapi at ilagay ang petsa kung kailan ito lumagda.
17. Para sa **Balik-Kasapi o Balik-CARD**, siguraduhin malalagyan ng tsek ☑ ang box kung nag-refund ng Life Insurance at Retirement Fund kabilang din ang petsa kung kailan naging kasapi at ang petsa nang tumiwalag (resigned) sa CARD.
18. Bago ibigay sa Account Officer ay siguraduhing napirmahan ng Center Chief/Secretary ang APK bilang katunayan ng pagiging miyembro sa nasabing Center.

| ***TINATANGGAP NA ALTERNATIBONG DOKUMENTO PARA SA PAGPAPATUNAY NG KAPANGANAKAN (Pangalawang kopya lamang)*** | |
|---|---|
| • Birth Certificate<br>• Baptismal Certificate<br>• Passport<br>• Tax Identification Number (TIN) ID<br>• Driver's License<br>• Professional Regulation Commission (PRC) ID<br>• National Bureau of Investigation (NBI) Clearance<br>• Police Clearance<br>• Postal ID<br>• Voter's ID<br>• Government Service Insurance System (GSIS) e-Card | • Philippine Identification System ID / Philippine Identification (PhilID)<br>• Certification from IMAM<br>• Social Security System (SSS) Card or UMID<br>• Senior Citizen Card<br>• Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) ID<br>• OFW ID<br>• Seaman's Book<br>• Government Office and GOCC ID, e.g. Armed forces of the Philippines (AFP ID), Home Development Mutual Fund (HDMF ID)<br>• Certification from the National Council for the Welfare of Disabled Persons (NCWDP)<br>• Department of Social Welfare and Development (DSWD) Certification |

## MAHALAGANG PAALALA:

**ANG APK ANG PINAKA-IMPORTANTENG DOKUMENTO NG ISANG KASAPI NA MAY KINALAMAN SA KANYANG SEGURO SA SAMAHAN. PAGKATAPOS MA FILL-OUT ANG FORM NA ITO AY IBIGAY AGAD SA ACCOUNT OFFICER AT ISUMITE SA NAKAKASAKOP NA TANGGAPAN NG CARD MBA.**

**SIGURADUHIN NA MAKUMPLETO ANG MGA HINIHINGING IMPORMASYON AT HUWAG KALILIMUTAN ANG LAGDA NG KASAPI.**

**SAMANTALA, ANG SERTIPIKO NG PAGIGING KASAPI AY IPAGKAKALOOB MATAPOS MA-APRUBAHAN ANG APLIKASYON NG PAGIGING KASAPI.**